



Balita mula sa Prepektura ng Gifu

Highlights para sa Agosto 2020

● Populasyon sa Prepektura

1,979,788 (naragdagan ng 272)

※ Mayo 1, 2020 hanggang sa kasalukuyan.

※ Ang () ay inihambing sa nakaraang buwan.


Ang "Balita mula sa
Prepektura ng Gifu" ay
pinapalabas din sa **Gifu
Chan** (Channel 8)!



Gifu Prefectural Public Relations TV
Show 「ぎふ県政ほっとライン」
"Gifu Kensei Hotline"



「清流の国ぎふ岐阜県ミナモダより」
"Seiryu no Kuni Gifu
Gifu Prefecture Minamo Dayori"

Pindutin ang  button
para makuha ang lokal na
impormasyon!



Smart Agriculture Promotion Center OPEN!!

Ang Gifu Prefecture ay nagtaguyod ng "Smart Agriculture Promotion Plan" noong Marso 2019. Bilang parte ng plano, nagpalakad kami ng mga sumusunod na layunin.

- Pagpapalawak ng operasyon kahit na may maliit na bilang ng trabahador.
- Gawing madali ang trabahong agrikultura para sa sinumang gagawa, anuman ang karanasan.
- Magkaroon ng madaming ani, at makamit ang paggawa ng kalidad na produkto at 'value-added agriculture'.

Maaaring maranasan ng mga bisita sa Smart Agriculture Promotion Center ang mga nakatutulong na model greenhouses at makita ang mga eksibisyon ng mga pinakabagong makinarya.

Kinokolekta din ng Center ang data mula sa mga demonstration farms sa buong prefecture upang magsaliksik ng pinakamahusay na paraan ng pagbubungkal.

※ Kailangang ng reservation para makabisita.

Ang impormasyon tungkol sa iba't ibang mga training seminar ay ianunsyo ng Regional Agriculture and Forestry Office.

※ Kasalukuyan pinapatakbo ng nabawangang staff.

- ◆ **Lugar** : Kaizu-shi Kaizu-cho Hirahara 1165
- ◆ **Para sa Katanungan**: Agricultural Policy Division
☎ 058-272-1562 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



— Ano ang Smart Agriculture? —

Agrikultura na gugagamit ng IC Technology at Robotics

Ang Smart Agriculture ay gumagamit ng mga pinakabagong teknolohiya tulad ng ICT at robotics upang mapabilis ang pagsulong ng farm management.

Ang paggamit ng labor-saving innovations tulad ng awtomatikong traktor at drones, at pagsusuri ng farm data gamit ang AI analysis para sa awtomatikong pagtutubig at paga-abono, ay magbibigay-daan sa paggawa ng masarap at kalidad na mga produkto.



Kahon ng Impormasyon



Paliwanag ng

Icon



Kaganapan



Pangangalap



Kwalipikasyon/
Pagsasanay



Iba pa

Manatiling Ligtas: Magpahinga at Maglakbay sa Gifu (Hotto Hitoiki Gifu no Tabi)

Magtulungan tayo bilang isang prepektura upang makabuhay tayo sa mundo na may COVID-19!

Kasalukuyan nag-aalok ng mga travel discount para sa ligtas at budget trips sa loob ng Gifu Prefecture. Bakit hindi gagamitin ang pagkakataong ito upang matuklasan muli ang ating prepektura?

◆ **Para sa Mga Detalye** : Gifu no Tabi Guide (i-scan ang QR code sa kanan)

◆ **Para sa Katanungan** : Tourism Policy Planning Division

☎ 058-272-1111 (ext. 3077) (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



Gifu Prefecture Expressway Deal "G Wari"

Mamasyal sa loob ng Gifu Prefecture gamit ang sulit-trip deal na ito! Unlimited na gamit ng expressways sa loob ng prepektura nang 2 ~ 3 araw. Hanggang Setyembre 30, ang lahat na makikilahok ay makakatanggap din ng regalo, tulad ng specialty goods mula sa Gifu Prefecture!

◆ **Kailan** : hanggang Disyembre 25 (Biyernes)

◆ **Bayad** : ¥4,300 (*kei-jidosha*, atbp.)

◆ **Kondisyon** : dapat may ETC ang sasakyan at nakapagrehistro ng maaga

◆ **Para sa Katanungan**: NEXCO Nakanihon ☎ 0120-922-229 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



Exhibit: Si Ohashi Suiseki, isang pintor na pinagkadalubahasaan ang tigre

Ang exhibit na ito ay magpapakita ng buhay at mga gawa ni Ohashi Suiseki, ang pintor noong panahon ng Meiji na nanalo ng gintong medalya sa 1900 Paris Exhibition.

◆ **Petsa** : Hulyo 23 (Huwebes, Pista Opisyal) ~ Setyembre 13 (Linggo) 10:00~18:00 (hanggang 17:30 ang entrance)

◆ **Bayad** : Ordinaryo ¥800, College/University Student ¥600, Senior High School pababa LIBRE

◆ **Para sa Katanungan** : The Museum of Fine Arts, Gifu ☎ 058-271-1313 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita** : 岐阜県美術館

Makipag-laro sa mga isda sa Seiryu Nagaragawa Ayu Park

Kilalanin ang GIAHS Ayu ng Nagara River System sa pamamagitan ng iba't ibang mga masayang pang pamilyang aktibidad tulad ng pag-huli ng isda gamit ang inyong mga kamay.

◆ **Lugar** : Seiryu Nagaragawa Ayu Park (420-10 Nagataki, Shiratori-cho, Gujo-shi)

◆ **Bayad** : LIBRE ※may ilang aktibidad na may bayad

◆ **Para sa mga Katanungan** : Seiryu Nagaragawa Ayu Park ☎ 0575-85-2115 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita** : 清流長良川あゆパーク

Talakayin natin ang Sustainable Development Goals (SDGs)!

Target 5 Gender Equality

Ang Gifu Prefecture ay nagsasagawa ng iba't ibang mga seminar at nagha-highlight ng mga role model sa pagsisikap na lumikha ng lipunan na sinuman, anumang kasarian, ay maaaring ganap na maipakita ang kanilang pagkatao at kakayahan.

◆ **Para sa Katanungan** : Gender Equality & Women's Empowerment Promotion Division

☎ 058-272-8236 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita** : ぎふジョ!



"Seiryu no Kuni Gifu" Vegetable First Awareness Month

Ang Agosto 31 ay "Araw ng mga Gulay". At itinalaga ng Gifu Prefecture ang buwan ng Agosto na "Seiryu no Kuni Gifu Vegetable First Awareness Month". Magpapahayag kami ng mga nauukol na impormasyon at iba pa upang hikayatin ang mga mamamayan na damihan ang gulay na kinakain.

◆ **Para sa Katanungan** : Public Health and Medical Treatment Division

☎ 058-272-8270 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita** : ぎふ野菜ファースト

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Hulyo 7, 2020.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎ 058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>